

Lungsod ng Brampton sa Kumperensya ng AMO 2020: Pakikipagtulungan para sa pagbangon ng ekonomiya at pag-unlad

BRAMPTON, ON (Agosto 17, 2020) – Mula Agosto 17 hanggang 19, ang isang delegasyon mula sa Lungsod ng Brampton ay lalahok sa 2020 Birtwal na Kumperensya ng Association of Municipalities (AMO). Pinangunahan ni Mayor Patrick Brown, ang mga Miyembro ng Konseho at mga opisyal ng Lungsod ay kokonekta sa mga mahalagang stakeholder sa buong Lalawigan tungkol sa pinakamahalagang mga pangangailangan.

Nakumpirma ang mga pagpupulong sa Ministry of Finance, Ministry of Health, Ministry of Infrastructure, Ministry of Environment, Conservation and Parks, at Ministry of Colleges and Universities.

Kaugnay ng nagpapatuloy na tugon nito sa COVID-19, isa sa mga mahalagang prayoridad ng Lungsod sa taon na ito ay ang paghahanap ng patuloy na suporta para sa pagbangon ng ekonomiya nito. Iha-highlight din ng mga opisyal ng Lungsod ang karagdagang mga prayoridad na mahalagang parte sa pangangasiwa ng sustainable na pag-unlad ng Lungsod at pagpapahusay sa kalidad ng buhay ng mga residente, kabilang ang:

- **Pangangalaga sa kalusugan** – Commitment sa Ikalawang Yugto ng Peel Memorial at ikatlong pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan.
- **Mas Mataas na Order sa Transit** – Tumaas na pamumuhunan sa ilang mga bagong mode ng transit kabilang ang Two-Way All-Day GO Service, Light Rail Transit at Bus Rapid Transit.
- **Pagbabago ng Klima at Pagpapababa ng Baha** – Umigting na **pagtutulongan** para sa proyekto ng Lungsod sa Riverwalk sa pamamagitan ng pagpopondo at mabilis na pag-apruba, at bagong pamumuhunan sa mga proyektong Green Infrastructure na natukoy sa pamamagitan ng Community Energy and Emissions Reduction Plan (CEERP).
- **Aktibong Transportasyon** – Pinaigting na mga posibleng opsyon ng pagka-gumagalaw na nagdadagdag sa kaligtasan at pagka-naakses ng mga network ng transportasyon para sa lahat ng mga residente.
- **Mga Oportunidad Pagkatapos ng Sekondaryo** – Suporta para sa tumaas na mga pagkakataon sa edukasyon pagkatapos ng sekondaryo sa pamamagitan ng pagsasabatas na iiral ang BramptonU.
- **Hindi Binubuwisang Proyedad ng Pampublikong Institusyonal na mga Propyedad** – Hiling para sa patuloy na pagpopondo para tugunan ang mga epekto ng COVID-19 at tiyakin ang ganap at matagumpay na pagbangon ng ekonomiya.
- **Urban Community Hub** – Hinihiling na i-adopt ng Lalawigan ang 20 minutong nalalakad, malusog na kalapitbahayan gamit ang Urban Community Hub bilang bagong model ng pag-unlad para itaguyod ang Transit-Oriented Communities (TOC) sa Brampton.

Para malaman ang mas marami pa, bisitahin ang [website](#) ng Lungsod

Mga Quote

“Habang nagsisikap tayo tungo sa pinasadyang paraan na sumusuporta sa pagbangon ng ating ekonomiya mula sa mga epekto ng COVID-19, nakatuon tayo sa isinalokal na mga solusyon na

magpapahikayat sa sustainable na pag-unlad ng ating Lungsod at titiyak sa mas magandang kalidad ng buhay ng ating mga residente. Nagpapasalamat ako sa Lalawigan para sa mga commitment kamakailan na ipinapakita nito sa Brampton at inaasahan ang pagtayo rito habang nagpapatuloy tayo sa daan ng pagbangon sa ekonomiya at pag-unlad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa panahon ng tugon natin sa COVID-19, nagpapatuloy ang Lungsod sa paghahatid ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo sa mga residente na inaasahan ng mga residente habang nagpapatuloy sa mahalagang mga proyekto na sumusuporta sa lubos na pagbangon ng ating ekonomiya at patuloy na pag-unlad. Ang mahigpit na pakikipagtulungan sa mas mataas na antas ng pamahalaan ay napakahalaga sa ating tagumpay habang tayo ay nagpapalano at itinatayo ang kinabukasan ng Brampton at inaasahan ko ang pagtalakay sa sa mga pagkakataon sa mahalagang partnership sa Lalawigan sa panahon ng AMO 2020.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca